Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-20 NG HULYO, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | Kasangguni |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |

---

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 158-2020

ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA MAGALANG NA HUMIHILING SA PUNONG LUNGSOD - INH. GILBERT T. GATCHALIAN NA MAKAPAGTAYO NG ISANG E-LIBRARY PARA SA MGA MAG-AARAL AT MANANALIKSIK NG LUNGSOD NG MALOLOS.

AKDA NINA: KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA AT KGG. NOEL G. PINEDA
KAMAY-AKDA: KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. MICHAEL M. AQUINO,
KGG. ENRICO C. CAPULE, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO,
KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KGG. DIONISIO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ,

**SAPAGKAT,** dapat bigyang prayoridad ng Estado ang edukasyon, syensya at teknolohiya, mga sining, kultura at isports upang mapabulas ang pagkamakabayan at nasyonalismo, mapabilis ang kaunlarang panlipunan, at maitaguyod ang ganap na paglaya at pag-unlad ng tao;

**SAPAGKAT,** itinatadhana ng Saligang Batas ng 1987 ang pagbibigay prayoridad ng Estado sa karapatan ng mamamayan sa de-kalidad na edukasyon sa lahat ng antas, at paggawa ng mga hakbangin upang mabigyan ng pagkakataon ang lahat na matamo ito;

**SAPAGKAT,** kinikilala ng Saligang Batas ng 1987 ang kahalagahan ng agham at teknolohiya sa pagtatamo ng pambansang kaunlaran at binibigyang prayoridad nito ang mga pananaliksik, inobasyon, imbensyon, siyentipiko at teknolohikal na pag-aaral na magsusulong ng pambansang progreso;

**SAPAGKAT,** ayon sa **Seksyon 17 (Basic Services and Facilities)** ng **Batas Republika 7160** o kilala bilang **Kodigo ng Lokal na Pamahalaan ng Pilipinas**, na nararapat sa mga lokal na pamahalaan na magsagawa ng mga programa sa pagpapabuti ng mga serbisyong pampubliko at paglalaan ng pondo sa pagpapatayo ng mga kinakailangang pasilidad sa kapakinabangan ng mga mamamayan nito;

**SAPAGKAT,** ayon kay Gat. Jose Rizal, "ang kamangmanga'y kaalipinan" na siyang pwersang nagtutulak sa kabataang Malolenyo na tumuklas, magpunyagi sa pag-aaral at kumawala sa tanikala ng kaalipinan ng kawalang-kaalaman;

**SAPAGKAT,** nararapat na makasabay ang Lungsod ng Malolos sa mabilis na pagbabago sa teknolohiya at magamit ang progresong ito sa mas madali at tiyak na paraan ng pag-aaral at pananaliksik;

**SAPAGKAT,** napapanahon nang makapagpatayo ng isang silid aklatan na makagagabay sa ating kabataan, mananaliksik at mga nagpapakadalubhasa na makasasabay sa inobasyong teknolohikal at siyentipiko para sa lalong ikadudunong ng mga mamamayan ng Malolos;

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI — KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI — *KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KASANGGUNI — KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI — KGG. ENRICO C. CAPULE, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI
KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI

**DAHIL DITO**, sa pamamagitan ng kahilingan ni Igg. Nino Carlo C. Bautista, na buong sinangayunan ng lahat, ay

**IPINASIYA**, ang isang Kapasiyahang Panlungsod na magalang na humihiling sa Punong Lungsod - Inh. Gilbert T. Gatchalian ang pagpapatayo ng isang E-Library para sa mga mag-aaral at mananaliksik ng Lungsod ng Malolos na makapaglilingkod ng kinakailangang reperensya na may kinalaman sa agham at teknolohiya, wika, kasaysayan at kultura, matematika, pampalakasan, batas, gobyerno at pamamahala, at iba pang agham pang-akademiko.

PINAGTIBAY.

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

*KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

*KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI - ABC President

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

PINATUTUNAYAN:

KGG. NOEL G. PINEDA
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo
**wala sa panahon na pinagtibay ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod

DhorieTrogo(SDC2)*07202020